

# Mga Pansamantalang Alituntunin sa Muling Pagtatayo mula sa Sunog Paano Kumuha ng Sulat tungkol sa Pagkakaroon ng Tubig

Enero 1, 2025

ENVIRONMENTAL HEALTH



COUNTY OF LOS ANGELES  
**Public Health**

Upang muling itayo ang isang bahay na nasira ng isang sunog o natural na kalamidad, kailangan mong kumuha ng Sulat sa Pagkakaroon ng Tubig mula sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan, Programa ng Inuming Tubig. Maaaring ipakita ng mga may-ari ng bahay na mayroon silang sapat na mapagkukunan ng inuming tubig sa pamamagitan ng pagtugon sa **isa** sa tatlong kundisyon: serbisyo mula sa isang pampublikong sistema ng tubig, isang balon ng tubig na matatagpuan sa ari-arian, o sa pamamagitan ng pagkuha ng inuming tubig mula sa isang tagapagdala ng inuming tubig.

## Tubig na Sineserbisuhan ng Pampublikong Sistema ng Tubig

Kung ang iyong tirahan ay sinerbisuhan ng tubig ng isang pampublikong sistema ng tubig, maaari kang makakuha ng Sulat sa Pagkakaroon ng Tubig sa pamamagitan ng pagsusumite ng alinman sa:

- Isang palingkurang-bayan na bayarin sa tubig mula sa sistema ng tubig na nagpapakita ng serbisyo bago ang petsa ng sunog o kalamidad.
- Isang "Sulat sa Pagseserbisyo" mula sa sistema ng tubig sa **kanilang letterhead** na nagsasaad na ang sistema ng tubig ay may sapat na tubig upang magbigay ng serbisyo sa tirahan.

## Tubig na Sineserbisuhan ng isang Pantahanang Balon

Kung ang iyong ari-arian ay may isang balon, ang **unang hakbang** ay tukuyin kung nasira ng sunog o natural na kalamidad ang alinman sa mga bahagi ng balon. Pagkatapos matasa ang sira at pagkumpleto ng anumang pagkukumpuni sa balon o sa mga bahagi nito, bago muling ikonekta ang mga de-koryenteng kable sa bomba, magsumite ng "**Aplikasyon para sa Muling Paggamit ng Balon**" sa **Programa ng Inuming Tubig**. Susuriin ng Programa ng Inuming Tubig ang aplikasyon at magpadala ng pag-apruba upang makakuha ng pahintulot mula sa Gusali at Kaligtasan para muling ikonekta ang bomba sa pinagmumulan ng kuryente. Pagkatapos muling maikonekta ang bomba, maaaring kailanganin ang isang pagsubok sa produksyon ng balon upang matukoy kung kailangan ang mga tangke ng imbakan ng tubig.

## Pagtatasa sa Kaligtasan ng Isang Potensyal na Nasirang Balon

- Siyasatin ang wellhead at kagamitan para sa sira (bahay ng balon [well house], pambalot ng balon [well casing], bomba, mga de-koryenteng kable at mga pangkabit, mga pressure na tangke, piping, kagamitan sa pagdidisimpekta, imbakan na tangke, at slab).
- Kung nasira ang wellhead o kagamitan, ipasuri sa isang lisensyadong kontratista at kumpletuhin ang pagkukumpuni. Kung nasira ang pambalot ng balon [well casing], dapat kumpletuhin ng isang lisensyadong driller ng balon ang pagkukumpuni, at kinakailangan ang isang "**Aplikasyon para sa Pahintulot sa Balon**". **Huwag** muling ikonekta ang kuryente sa bomba ng balon sa oras na ito.
- Magsumite ng "**Aplikasyon para sa Muling Paggamit ng Balon**" na may kasamang mga larawan at mga resulta ng pagtatasa nang sarili pagkatapos makumpleto ang anumang pagkukumpuni.
- Pagkatapos ng pag-apruba ng "Aplikasyon sa Muling Paggamit ng Balon", kumuha ng mga Permit sa Gusali at Kaligtasan para sa muling pagkabit ng kuryente sa balon, kung kinakailangan. Kapag naikabit na ang kuryente, disimpektahin nang maayos ang balon (tingnan ang Mga Alituntunin sa Pagdidisimpekta ng Balon).
- Inirerekomenda ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health, DPH) ang isang kabuuang coliform bacteriological na pagsubok ng isang sertipikadong laboratoryo upang matiyak na naalis na ang lahat ng kontaminasyon.

**Tandaan:** Kung grabe ang pagkasira ng balon, dapat itong wasakin nang maayos at dapat na itayo ang isang bagong balon ayon sa kasalukuyang mga Pamantayon sa Balon ng CA. Kontakin ang **Programa ng Inuming Tubig** sa **(626) 430-5420** para sa karagdagang impormasyon.

## Pagtukoy Kung Kailangan ang isang Tangke ng Imbakan ng Tubig

Ang **DPH** ay nangangailangan lamang ng pagkakabit ng isang tangke ng inuming tubig kung ang balon ay nagbibigay ng mas mababa sa 3 galon kada minuto (gallons per minute, gpm). Ang isang balon na nagbibigay mula sa 2 gpm ngunit mas mababa sa 3 gpm ay nangangailangan ng tangke ng imbakan ng inuming tubig na may 1,500 na galon.

Kung ang iyong ari-arian ay nasa isang lugar na hindi naseserbisuhan ng isang palingkurang-bayan ng tubig at walang mga fire hydrant, malamang na ang **Departamento ng Bumbero** ay mangangailangan ng tangke ng tubig para sa mga aktibidad sa paglaban sa sunog. Tinutukoy pa rin ng Departamento ng Bumbero kung papayagan nila na gagamitin ang pantahanang tubig na kailangan para sa panlaban sa sunog, o isang tangke na tumutugon sa mga kinakailangang laki ng parehong Departamento ng Bumbero at DPH. Kung kailangan ng tangke ng tubig, inirerekomenda ng DPH ang:

- Paggamit ng iisang tangke para sa parehong inuming tubig para sa pantahanan na paggamit at tubig para sa panlaban sa sunog.
- Pagkuha ng pantahanang tubig sa paggamit mula sa itaas na bahagi ng tangke at tubig para sa panlaban sa sunog mula sa ilalim na bahagi ng tangke. Tubo para sa pagkuha ng pantahanang tubig ay dapat itakda na kumuha lamang ng itaas na 1,500 o 5,000 na galon ayon sa kinakailangan ng mga resulta ng produksyon ng balon. Pipigilan nito ang pagbabawas ng tubig sa panlaban sa sunog dahil sa normal na paggamit ng pantahanang tubig.
- Pagkabit ng alarma sa mababang antas ng tubig upang magbigay ng alerto kapag mababa ang antas ng pantahanang tubig.
- Pagdagdag ng bomba ng muling pag-ikot para sa malalaking tangke upang mapigilan ang hindi paggalaw ng tubig sa ilalim ng tangke. Ang tubig na hindi gumagalaw ay mas malamang na tumubo ng bakterya at maaaring magkaroon ng hindi kasiya-siyang lasa.
- Paggamit ng isang sistema ng pagdidisimpekta kung magdadagdag ka ng tubig sa tangke mula sa hinakot ng tubig o gumagamit ng isang malaking tangke. Ang mga karaniwang sistema ng pagdidisimpekta ay gumagamit ng **chlorine**, **ultraviolet light**, o **reverse osmosis**.

Makakuha ka ng impormasyon sa pagtayo ng iyong balon mula sa:

- **LA DPH-Kalusugan sa Kapitaligiran**
  - Telepono: (323) 890-7806
  - E-mail: [phicor@ph.lacounty.gov](mailto:phicor@ph.lacounty.gov)
- **Departamento ng Mga Mapagkukunang Tubig ng California**

Paghiling ng ulat ng pagkumpleto ng balon sa pamamagitan ng:

  - Telepono: (818) 500-1645 X233
  - E-mail: [waterdata@water.ca.gov](mailto:waterdata@water.ca.gov)
  - Paghahanap sa [www.water.ca.gov](http://www.water.ca.gov) para sa mga ulat ng pagkumpleto ng balon

## Tubig na Ibinibigay ng Tagapagdala ng Inuming Tubig

Ipinagbabawal ng California Water Code, Seksyon 106.4 ang paglalabas ng permit sa pagtatayo para sa pagbuo ng bagong tirahan kung saan ang suplay ng tubig ay dinadala ng isang tagapagpadala ng tubig. Gayunpaman, ginagawa ang isang pagbubukod para sa mga may-ari ng bahay na muling nagtatayo ng isang tirahan na nasira o nawasak sa isang sunog o natural na kalamidad. Para makatanggap ng Sulat sa Pagkakaroon ng Tubig, kailangang isumite ng may-ari ng bahay ang:

- Patunay na ang isang tirahan ay dating legal na itinayo sa ari-arian. Maaari itong matugunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kopya ng orihinal na mga permit sa pagtatayo mula sa Gusali at Kaligtasan o sa pamamagitan ng printout ng impormasyon ng parsela ng Tagatasa ng Los Angeles County, na nagpapakita ng uri ng ari-arian bilang isahang pampamilya na tirahan at isang pagpapabuti.
- Patunay na ang tirahan ay nasira o nawasak sa isang sunog o natural na kalamidad. Maaari itong matugunan sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang pahayag mula sa lokal na Departamento ng Bumbero o sa iyong kompanya ng seguro. Kung ang pinsala ay resulta ng isang idineklarang emerhensiya, katanggap-tanggap din ang isang pahayag mula sa FEMA.
- Ang orihinal na pinagmumulan ng tubig ng tirahan at ang pinagmulan bago ang sunog. Kung dating sinerbisuhan ang tirahan ng isang balon, dapat kumpunihin ang balon at ibalik sa serbisyo, kahit na ito ay nagbigay ng mas

mababa sa 2 gpm bago ang sunog o natural na kalamidad. Maaaring ang isang paglihis kung maipapakita ng may-ari ng bahay na ang antas ng tubig sa lupa ay patuloy na mas mababa sa ilalim ng balon. Kung pahintulutan ang paglihis, dapat sirain ang balon alinsunod sa mga Pamantayon sa Balon ng California. Kung ang hinakot na tubig ay ginamit bago ang sunog o natural na kalamidad, magbigay ng mga kopya ng mga resibo o mga talaan [invoice] mula sa tagapagpadala ng tubig na nagpapakita ng serbisyo sa ari-arian.

- Ang isang kopya ng isang kasunduan sa serbisyo ay katanggap-tanggap bilang isang liham, o iba pang nakasulat na pangako mula sa isang lisensyadong tagapagdala ng inuming tubig upang magbigay ng serbisyo sa ari-arian.
- Isang Site Plan na nakatatak ng Programa sa Paggamot ng Basurang Tubig sa Lugar ng DPH na nagdedetalye ng lokasyon at mga sukat ng tirahan, garahe, mga aksesorya ng mga gusali, ang sistema ng paggamot ng basurang tubig sa lugar, anumang mga tangke ng imbakan ng tubig na kinakailangan upang matugunan ang mga kinakailangan ng DPH o Kagawaran ng Bumbero, mga ruta sa pagpunta sa mga tangke ng imbakan ng tubig, at iba pang aksesoryang kagamitan upang patakbuhan ang sistema.

## Muling Pagtatayo ng Iyong Tahanan

Kontakin ang iyong lokal na **Departamento ng Patatayo at Kaligtasan at Sunog** para sa mga karagdagang kinakailangan tungkol sa muling pagtatayo ng iyong tahanan.